# ARALIN 44

1. Ano ang nangyari kay Zacarias nang siya ay nasa templo?
-Nagpakita ang anghel ng Diyos kay Zacarias.

2. Ano ang sinabi ng anghel kay Zacarias?
-Sinabi ng anghel na bibigyan ng Diyos si Zacarias ng isang anak, at ang kanyang magiging pangalan ay Juan.

3. Ano ang sinabi ng anghel tungkol sa anak na ibibigay ng Diyos kay Zacarias?
-Sinabi ng anghel na ihahanda ng anak ni Zacarias, si Juan, ang mga tao para sa darating na Tagapagligtas.

4. Ano ang tawag ng anghel sa darating na Tagapagligtas?
-Ang Panginoon.

5. Sino ang Panginoon?
-Diyos.

6. Ano ang sinabi ng anghel kay Maria?
-Sinabi ng anghel kay Maria na pinili siya ng Diyos upang ipanganak ang darating na Tagapagligtas.

7. Ano ang magiging Pangalan ng Anak ni Maria?
-Jesus.

8. Ano ang ibig sabihin ng Pangalan na "Jesus"?
-Ang Pangalang "Jesus" ay nangangahulugang Tagapagligtas o Manunubos.

9. Ano ang ibig sabihin ng anghel na magiging Anak ni Maria ang Anak ng Kataas-taasan?
-Ang Anak ni Maria ay magiging Anak ng Diyos.



10. Paano magiging Anak ng Diyos ang Anak ni Maria?
-Ang Diyos Ama at ang Diyos na Espiritu Santo ay nagpadala sa Diyos ng Tagapagligtas sa lupa bilang Anak ng Diyos at bilang Anak ng tao.

11. Ang Anak ba ni Maria ay Diyos o tao?
-Ang Anak ni Maria ay magiging ganap na Diyos at ganap na tao.

12. Bakit isinilang ang Anak ni Maria nang walang binhi ng ama at ina?
-Para Siya ay ipanganak na walang kasalanan mula kanila Adan at Eva.
-Upang ipanganak Siyang perpekto na walang kasalanan.

13. Si Jesus ba ang magiging Tagapagligtas na ipinangako ng Diyos kay Abraham, Isaac, Jacob, at sa lahat ng tao?
-Oo.

-Dumating ang panahon para sa asawa ni Zacarias, si Elizabeth, na magkaroon siya ng anak.

Basahin natin ang Lucas 1:57-58

57-Dumating na kay Elizabeth ang panahon ng panganganak at siya'y nagsilang ng isang anak na lalaki.
58-Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na nagpakita ang Panginoon ng dakilang awa sa kanya at sila'y nakigalak sa kanya.

-Tinupad ba ng Diyos ang Kanyang pangako na bibigyan ng anak sina Zacarias at Elizabeth?
-Oo.

-Binigyan ng Diyos sina Zacarias at Elizabeth ng isang anak na lalaki, at pinangalanan nilang Juan.

-Nang ipanganak ang anak ni Zacarias na si Juan, ang Diyos na Espiritu Santo ay nagsalita sa pamamagitan ni Zacarias.

Basahin natin ang Lucas 1:67-71

67-Si Zacarias na kanyang ama ay napuno ng Espiritu Santo at sinabi ang propesiyang ito,
68-"Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng Israel,
sapagkat kanyang dinalaw at tinubos ang kanyang bayan,
69-At nagtaas ng isang sungay ng kaligtasan para sa atin
sa sambahayan ni David na kanyang lingkod,
70-Gaya nang sinabi niya sa pamamagitan ng kanyang mga banal na propeta mula noong unang panahon,
71-Upang tayo ay maligtas mula sa ating mga kaaway, at mula sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin,"

-Ano ang sinasabi ni Zacarias?

-Si Zacarias ay nagpupuri sa Diyos.

-Bakit pinupuri ni Zacarias ang Diyos?

-Alam ni Zacarias na malapit na ipadala ng Diyos ang Tagapagligtas.



-Alam ni Zacarias na darating ang Tagapagligtas at ililigtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.

-Ang lahat ng tao ay kailangang maligtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.

-Ito ang dahilan kung bakit ipinadala ng Diyos ang Tagapagligtas sa mundo.

-Paano nalaman ni Zacarias na darating na ang Tagapagligtas na magliligtas sa mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas?

-Dahil nabasa ni Zacarias sa Bibliya ng Diyos ang pangako ng Diyos na pagpapadala ng Tagapagligtas.

-Ano pa ang sinabi ni Zacarias?

Basahin natin ang Lucas 1:72-75

72-[Sabi ni Zacarias] "Upang ipakita ang habag sa ating mga magulang, at alalahanin ang kanyang banal na tipan,
73-Ang pangakong sinumpaan niya sa ating amang si Abraham,
74-Na ipagkaloob sa atin, na tayong iniligtas mula sa kamay ng ating mga kaaway, ay maglingkod sa kanya nang walang takot,
75-Sa kabanalan at katuwiran sa harapan niya sa lahat ng ating mga araw."

-Alam ni Zacarias na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako ng

pagpapadala ng Tagapagligtas.

-Ito ang pangakong ginawa ng Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob sa nakalipas na maraming taon.

-Ang Diyos ay laging tumutupad sa Kanyang mga pangako.
-Hindi kailanman sinisira ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

-Ano ang sinabi ni Zacarias tungkol sa kanyang anak na si Juan?

Basahin natin ang Lucas 1:76

76-[Sabi ni Zacarias] "At ikaw, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan, sapagkat mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daan."

-Sinabi ni Zacarias na ang kanyang anak na si Juan ay magiging propeta ng "Kataas-taasan."

-Sino ang "Kataas-taasan"?
-Diyos Ama.

-Ano ang gawain ng anak ni Zacarias na si Juan?

-Si Juan ay mauuna sa Panginoon, upang ihanda ang daan para sa Kanya.

-Sino ang Panginoong ito, kung saan pupunta si Juan upang ihanda ang daan para sa Kanya?
-Jesus, Diyos na Tagapagligtas.

-Sino ang nagligtas kay Noe at sa kanyang pamilya mula sa baha?



-Diyos.

-Sino ang nagligtas kay Isaac mula sa kamatayan at nagbigay ng isang lalaking tupa bilang kanyang kapalit?
-Diyos.

-Sino ang nagligtas sa mga Israelita mula sa pagkaalipin at kay Faraon?
-Diyos.

-Sino ang nagligtas kay Jonas mula sa tiyan ng malaking isda?
-Diyos.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.

-Ano pa ang sinabi ni Zacarias tungkol sa kanyang anak na si Juan?

Basahin natin ang Lucas 1:77

77-[Sabi ni Zacarias] "Upang magbigay ng kaalaman ng kaligtasan sa kanyang bayan, sa pamamagitan ng pagpapatawad sa kanilang mga kasalanan,"

-Sinabi ni Zacarias na ituturo ni Juan sa mga tao ang daan patungo sa kaligtasan.

-Sinabi ni Zacarias na ituturo ni Juan sa mga tao ang landas para sa kabayaran ng kanilang mga kasalanan.

-Ano pa ang sinabi ni Zacarias

Basahin natin ang Lucas 1:78-79

78-[Sabi ni Zacarias] "Sa pamamagitan ng magiliw na habag ng ating Diyos, kapag ang pagbubukang-liwayway buhat sa itaas ay sumilay sa atin,

79-Upang bigyang-liwanag ang mga nakaupo sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan, upang patnubayan ang ating mga paa sa daan ng kapayapaan."

-Paanong darating ang Tagapagligtas na katulad ng pagsikat ng araw?

-Narito ang isang ilustrasyon:

-Isang napakadilim na gabi, na walang liwanag mula sa buwan o mga bituin, Ikaw ay nawala sa isang hindi kilalang kagubatan.

-Sa sobrang takot mo sa dilim, sabik kang maghintay para sumikat ang liwanag ng araw sa umaga.

-Nang magkasala sina Adan at Eva, sila ay nahiwalay sa Diyos, na siyang liwanag ng kanilang mga kaluluwa.

-Dahil sa kanilang kasalanan, ang kanilang mga kaluluwa ay pumasok sa kadiliman ni Satanas.

-Dahil sa kasalanan, ang lahat ng tao ay isinilang sa kadiliman ni Satanas.

-Kung paano ang ang araw sa umaga ay nagbibigay liwanag pagkatapos ng napakadilim na gabi,



-Kaya't darating ang Tagapagligtas upang magbigay ng liwanag pagkatapos ng kadiliman ni Satanas.

-Ilang araw ang mayroon sa mundo?
-Isa Lang.

-Ilang Tagapagligtas ang ipinangako ng Diyos na ipapadala?
-Isa Lang.

-Tulad ng isang araw lamang sa mundo, mayroon lamang isang Tagapagligtas sa mundo.

-Tulad ng isang araw lamang na nagbibigay liwanag sa buong mundo, isa lamang ang maaaring magligtas sa lahat ng tao.

-Hindi nangako ang Diyos na magpapadala ng maraming Tagapagligtas.

-Nangako ang Diyos na magpapadala lamang ng isang Tagapagligtas.

-Ang anak ni Zacarias na si Juan ay lumaki, at lubos na naniwala sa Diyos.

Basahin natin ang Lucas 1:80

80-Lumaki ang sanggol at lumakas sa espiritu. At siya ay nasa mga ilang hanggang sa araw ng kanyang pagpapakita sa Israel.

-Nanirahan si Juan sa disyerto hanggang sa tinawag siya ng Diyos upang ipakita sa mga tao ang daan upang maligtas.